

# Chapter *One*

*N*apilitan na si Macy na isaksak ang earphone sa kanyang tainga. May ilang oras na ang nakakaraan nang umalis siya ng bahay at halos ganoon na rin katagal na hindi humihinto sa pagtunog ang cellphone niya. Alam niyang hindi titigil sa pagtawag doon si Kath hangga't hindi niya iyon sinasagot.

“Maria Cecilia Soriano, inuutusan kita! Bumalik ka rito ngayon din!” sigaw agad ng nasa kabilang linya nang kumonekta ang tawag. Sanay man sa matinis na boses ng nakatatandang kapatid ay napangiwi pa rin siya.

“Babalik ako kapag nakausap ko na si Vin, Ate,” sagot niya.

Lalo itong nanggalaiti. “Baliw ka na talaga! Get back here now or else!”

“Ate, hindi nga ako babalik nang hindi ko nakikita at nakakausap si Vin,” pagdidiin niya.

“Vin! Vin! Puro ka Vin! Pinagmukha kang tanga ng Arvin Andrade na iyon, nakalimutan mo na ba? Ikaw at ang pamilya natin!”

She rolled her eyes kasabay ng pagbuntong-hininga. Bakit ba kailangan pa nitong banggitin iyon gayung alam naman nito na masasaktan siya? Oo nga at almost four months na mula nang paghintayin siya sa altar ng groom niyang hindi sumipot sa kasal nila, pero sa alaala niya ay parang kahapon lang iyon nangyari.

“Alam kong may dahilan kung bakit niya iyon ginawa at gusto ko iyong marinig mula mismo sa kanya,” sabi niya.

“What for? Gusto mo bang lalo pang masaktan? May ipinapatrabaho sa iyo sina Mommy at Daddy sa office at iyon ang dapat mong inaasikaso. Kaya bumalik ka na dahil kung hindi, isusumbong na talaga kita sa kanila!” banta nito. Nasa business trip abroad ang mga magulang nila, pero alam ni Macy na napakadali lang sa kapatid niya na ma-contact ang mga ito. Sa kabila niyon ay wala siyang balak na mag-give in sa pananakot nito.

“I have to hang up—”

“Don’t dare hang up on me, Macy!” harang nito sa pagpapaalam niya. “Kailan mo ba talaga mari-realize na hindi ka mahal ng lalaking ’yon kaya hindi mo na siya dapat pang pinag-aaksayahan ng panahon, ha?”

“That is not true!” mariing kontra niya. “Vin and I... we’re together since we were teenagers, alam mo ’yan...”

“Teenagers ka diyan. Formal lang naman na naging kayo n’ung inalok ka niya ng kasal few months ago, hindi ba? Pero before that, ikaw lang ang nag-iisip na may relasyon kayo. Masyado mo kasing tinotoo ’yung kasunduan ng parents natin at ng dad niya noong teenagers pa lang kayo na ipapakasal kayo balang araw.”

“He proposed to me, Ate. Hindi niya gagawin ’yon kung hindi niya ako mahal. Kaya tigilan mo na ’yang sinasabi mo dahil hindi mo mababago ang isip ko.” Pagkasabi niyon ay inalis niya ang earphone sa tainga saka pinatay ang cellphone para hindi na maka-contact doon ang kapatid niya.

Saan ba nakuha ni Kath ang idea na hindi siya mahal ni Vin kaya hindi ito sumipot sa kasal nila? Naniniwala siyang mahal siya ng lalaki at may malalim lang na rason kung bakit nito iyon ginawa. Bakit naman hindi siya nito mamahalin gayung nasa kanya na ang lahat? Maganda siya, may pinag-aralan, galing sa kilalang pamilya. Higit sa lahat, mula pa nang mga

bata sila ay walang pagkakataon na pumalya siyang ipakita rito ang kanyang nararamdaman. Kaya alam niyang alam ni Vin na walang ibang lalaking nakaagaw sa pansin niya mula rito.

Maliban na lang noong minsan... noong isang gabing iyon, walong taon na ang nakakaraan...



*“Hindi ba naibigay mo na ‘yung gift mo kay Vin?” nagtataakang tanong ng kaibigan ni Macy na si Tricia. Nasa bahay sila ni Vin that night para sa eighteenth birthday ng lalaki.*

*“I still have one very special gift for him, pero doon ko ‘yon ibibigay sa kanya sa garden. Kaya sabihan mo siyang pumunta doon malapit sa fountain,” utos niya.*

*“Sa fountain? Eh, iyon ang pinakamadilim na part ng bakuran nila, ah.”*

*“Kaya nga doon ang napili ko. Papuntahin mo na siya doon. Mas maganda kasi kung mauuna siya doon, eh.” Kumikislap ang mga mata niya habang sinasabi iyon at hindi iyon nalingid kay Tricia, bagaman wala itong idea sa binabalak niya at wala rin naman siyang balak na sabihin iyon dito. Sila lang ni Vin ang makakaalam niyon.*

*Nag-retouch muna siya ng makeup sa comfort room, nag-spray ng pabango at breath mint bago pumunta sa garden. Dumaan siya palabas sa pinto sa*

likod-bahay para walang makapansin sa kanya.

Sa garden ay agad niyang naaninag ang silhouette ng isang lalaki sa tabi ng fountain. Kinilig siya. Nakita na niya kanina kung gaano kaguwapo si Vin sa suot na tuxedo. Nakapagsayaw na nga sila at kung puwede lang ay ayaw na sana niyang kumawala sa mga bisig nito. Kaya lang ay may iba pang gusto ring makipagsayaw sa birthday celebrant at kahit ikinaiinis niya iyon ay wala siyang magagawa.

Pero ngayon, Vin was all hers at titiyakin niyang hindi nito makakalimutan ang susunod na mga sandali.

“Hi!” bati niya nang huminto ilang hakbang ang layo sa kinatatayuan ng lalaki. Abot pa siya ng malamlam na liwanag na nagmumula sa loob ng bahay samantalang ito ay completely covered ng dilim dahil sa makapal na halaman sa tabi nito. Kumilos ito, sinubukang magsalita pero inunahan niya. “Nagtataka ka siguro kung bakit pinapunta kita rito. May... inihanda kasi akong regalo para sa iyo.”

“Teka, sandali...”

“Alam ko na nabigyan na kita ng gift,” harang niya sa tangka nitong pagsagot. Nagsimula siyang humakbang palapit dito. “Pero iba kasi ito. This is something very special, hindi lang sa iyo kundi... para rin sa akin.”

“Pero...”

“Kung natatandaan mo, birthday mo rin n’ung

*nagkasundo ang parents natin na... ipapakasal tayo balang araw,” aniya na pumiit sa muli sana nitong pagsasalita. “Alam mo, ang saya-saya ko kasi gusto ako ng parents mo para sa iyo at gusto ka rin ng parents ko para sa akin. Kaya lang, ayaw ko nang hintayin ’yung balang araw na sinasabi nila. I know we’re still young, magse-seventeen ako at kaka-eighteen mo pa lang. Pero ngayon pa lang gusto ko nang malaman mo na... talagang mahal kita.” Matapos sabihin iyon ay tinawid niya ang distansyang nakapagitan sa kanila, naglambitin sa leeg nito at hinagilap ang mga labi ng lalaki.*

*Nabigla ito, napaatras pero agad ding naka-recover.*

*“W-wow...!” reaction nito matapos ang ilang saglit ding paglalapat ng mga labi nila. Halatang hindi ito makapaniwala.*

*Dahil sa sobrang lakas ng kabog sa dibdib ay hindi napansin ni Macy na tila iba ang timbre ng boses ng lalaki.*

*“Huwag mo sanang isipin na cheap ako dahil sa ginawa ko,” nahihiyang sabi niya. “Gusto ko lang na ang lalaking pakakasalan ko, siya ang first kiss ko at ako rin ang first kiss niya. Sa dami ng babaeng may gusto sa iyo, I’m worried na baka maunahan nila ako kaya... inunahan ko na sila.”*

*“Ang kaso kasi...”*

*“Sana huwag kang ma-turn off sa akin,” she said,*

again preempting his another attempt to speak. “Ganito siguro talaga kapag mahal mo ang isang tao. Gagawin mo ang kahit ano maiparamdam lang ’yon sa kanya. And I love you with all my heart, Vin.” Iniyapos niya rito ang mga braso.

Noon niya napansin na iba ang pabangong naaamoy niya rito sa naamoy niya kanina nang magsayaw sila ng kababata. Pero nawalan na siya ng pagkakataon na punahin iyon nang lumapat ang kamay nito sa kanyang likod. Napangiti si Macy. Para sa kanya ay assurance iyon na mahal din nga siya ni Vin. Hindi lang talaga ito showy kaya minsan ay parang balewala siya rito.

Humigpit ang kabig nito sa katawan niya. Lalo pang naglumundag ang kanyang puso nang lumapat ang mga daliri nito sa ilalim ng kanyang baba at itinaas ang kanyang mukha. Alam niya kung ano ang gagawin nito at bago pa niya iyon napaghandaan ay muli nang naglapat ang kanilang mga labi.

Sa pagkakataong iyon ay wala ang pagkabigla. Ang tanging nararamdaman niya ay ang mabining paggalaw ng mga labi nitong nakadiin sa kanyang bibig. Hanggang sa naging masidhi iyon, waring naging mapaghanap.

And then, Tricia came out from nowhere.

“Macy!” tawag nito. Mabilis silang naghiwalay ng lalaki. “Grabe, ang dilim naman dito,” anitong iniilawan

*ng liwanag ng cellphone ang dinadaan habang palapit sa kanila.*

*Sinalubong niya ito ng mariing pagsita. “What are you doing here? Wrong timing ka, alam ba mo ’yon?”*

*“Anong wrong timing? Halika na sa loob. Hindi makakapunta rito si Vin, may dumating siyang bisita na hindi niya maiwan.”*

*Napakunot-noo siya. “Hindi maiwan? Kanina pa kaya kami magkasama dito.”*

*“Ano? Paano mangyayari iyon, eh, nandoon siya sa loob?”*

*“Sira ka talaga.” Kinuha niya rito ang cellphone at itinapat sa lalaki ang liwanag niyon. “Heto siya, o!”*

*Bagaman iniharang nito ang kamay, sapat ang nabistahan niyang bahagi ng mukha nito para mahinuha niyang hindi iyon si Vin. Pero kinailangan niyang hawiin ang kamay nito para makasiguro. At gayun na lang ang pagkabigla niya nang mapagsino iyon.*



Inis na sinipa ni Macy ang pumutok na gulong ng kanyang kotse. Nahihirapan na nga siyang matunton ang lugar na pupuntahan ay mukhang inabot pa siya ng kamalasan.

Kung bakit naman kasi bigla na lang niyang naalala ang pangyayaring iyon sa bakuran ng bahay ng



mga Andrade. For the past eight years ay nagawa na niya iyong kalimutan. Ngayon pa, kung kailan papunta siya sa kinaroroonan ng kanyang runaway groom ay saka pa iyon sumiksik sa alaala niya.

Matapos hindi sumipot sa kasal nila ay parang bula na bigla na lang naglaho si Vin. Kahit ang pamilya nito ay hindi masabi kung saan ito nagpunta. Hinanap niya ito kung saan-saan. Lahat ng uri ng social media ay ginamit ni Macy, pero walang nakapagbigay sa kanya kahit man lang idea sa whereabouts nito.

Pero nang nakaraang gabi ay nakakuha ng information si Tricia tungkol sa binata. Nakita at nakausap daw nito sa isang bar ang balikbayang dating classmate ni Vin. Nabanggit daw nito na minsan itong naisama ni Vin sa Sual, Pangasinan kung saan nandoon ang distant relative nito na sa pagkakatanda nito ay Troy Asturias ang pangalan. Ang lalaki raw ay may-ari ng ilang commercial fishing vessel na dumadaong sa Sual Fishport. Posibleng doon nagpunta si Vin para umiwas sa kontrobersyang ibinunga ng hindi nito pagsipot sa sariling kasal.

Agad iyong itinawag sa kanya ni Tricia, kaya naman pagputok ng liwanag nang araw na iyon ay agad din siyang lumarga. Pero dahil nga hindi kabisado ang lugar na pupuntahan, lagpas tanghali na ay hindi pa niya iyon natutunton. Pagkatapos ay heto at naputukan pa siya ng gulong ng kotse.

Napahagod sa noo si Macy. May spare tire naman ang kotse niya, pero sa tanang buhay niya ay hindi pa siya nakakapagpalit ng gulong.

Alam niyang nasa loob na siya ng probinsya ng Pangasinan, kaya lang ay hindi siya sure sa eksaktong location niya ngayon. Ang tanging tiyak niya ay nasa ilang na lugar siya. Kahit kasi saan siya sumuling ay malapad na bukid ang nakikita niya.

Pagkaraan ng ilang sandali ay may natanaw siyang paparating na SUV. Naisip niyang hingan ng tulong ang sakay niyon, pero nakalagpas iyon nang hindi siya nakapag-decide kung haharangin ba iyon o hindi.

Mayamaya ay isang motorbike ang sumunod na natanaw niyang paparating. Balot na balot ang sakay niyon pero tantya niya ay lalaki naman. Naisip niyang gamitin ang kanyang charm para mapahinto iyon at mapakiusapan na palitan ang gulong ng kanyang sasakyan.

Gumitna siya sa daan without realizing na masyado palang matulin ang takbo ng motor at sa likuran niyon ay umaalimbukay ang alikabok na nahahalukay ng gulong niyon. Napatili siya nang tila sadya siyang sinabuyan ng alikabok pagdaan niyon sa tapat niya.

“Eww! Yuck!” she screamed habang pinapagpagan ang sarili. Sa kabila niyon ay nakuha niyang pahabulan ng sigaw ang sakay ng motorsiklo. “Hoy! Bastos!

Walang modo!” Sa tulin nga lang ng motor ay hindi siya sigurado kung narinig siya ng rider.

Gustong maiyak ni Macy sa inis. Sumabay pa ang biglang pagkalam ng kanyang sikmura. Maraming oras na rin siyang nagmamaneho at wala pa siyang inilalaman na kahit ano sa kanyang tiyan.

*Lahat ng ito, para sa iyo, Vin, sabi niya sa sarili. Kapag nagkita tayo, ipapa-realize ko sa iyo na nagkamali ka sa ginawa mong hindi pagsipot sa kasal natin.*

Mula sa pag-iisip na iyon ay bigla siyang napaigtad nang may nagrebolusyon sa kanyang likuran. Nagulat siya nang lumingon at makita ang motorbike na hindi niya namalayang bumalik at nakalapit na muli sa kanya.

“Tama ba ’yung narinig ko?” sabi ng sakay niyon habang nag-aalis ng helmet. Base sa boses, kumpirmadong lalaki nga ito. Hinagod muna nito ang buhok bago tumingin sa kanya. “Parang tinawag mo yata akong bastos at walang modo,” dagdag nito.

Napalunok ang dalaga nang magtama ang kanilang mga mata.



## Chapter *Two*

U mangat ang isang kilay ni Macy nang maghubad ng jacket ang lalaking umibis sa motorbike. Plain white t-shirt lang ang suot nitong upper garment pero branded iyon at bagay sa faded maong pants nitong pang-ibaba.

“Open the trunk,” sabi nito.

Medyo nagulat siya. “What?”

“Ilalabas natin ’yung spare tire. Siguro naman may reserbang gulong ’yang kotse mo.”

“Oo, pero... ikaw ang magpapalit?”

“Hindi ba kaya mo nga ako pinahinto?”

Pagtataas ng noo ang isinagot ni Macy. Medyo nagduda kasi siya dahil parang hindi bagay rito na gawin ang ganoon. Moreno ang kausap pero makinis

at malinis ang hitsura. Halatang may sinasabi rin sa buhay.

“Ano na?” untag nito nang hindi siya kumilos.

Kinuha ng dalaga ang susi sa loob ng kotse saka binuksan ang compartment. Inilabas nito mula roon ang spare tire at gamit ang tire wrench na nakuha rin doon ay sinimulan nitong kalasin ang bolts sa reel ng flat na gulong.

Nagkibit-balikat siya habang pinanonood ito. Mukhang nagkamali siya ng unang naipalagay dahil halata namang alam ng lalaki ang ginagawa.

*Baka handy lang talaga siya, naisip ni Macy. Nang tumagal pa ang pagkakatatig niya rito ay may napansin siya. Pamilyar ito sa kanya na parang dati na niya itong kilala.*

No, iling ng dalaga. Hindi siya nahirapang isipin kung sino ang kakilala niya na may resemblance dito. Nakaramdam na naman siya ng inis dahil sa muling pagpasok ng taong iyon sa alaala niya. Hinding-hindi niya makakalimutan ang ngitngit na naramdaman niya noon para sa taong iyon.



*“Y-you?” bulalas ni Macy nang masinagan ng liwanag ng cellphone ang mukha ng lalaking niyakap at hinalikan niya sa dilim.*

*Napabulalas din si Tricia. “Oh, my God! A-ano’ng*

*ginagawa mo rito kasama ang... personal messenger ng lolo ni Vin?"*

*Ilang segundo siyang tila itinulos sa kinatatayuan. Hanggang sa unti-unti siyang nakaramdam ng pangangalisag ng balahibo.*

*"Oh, no!" ibig maiyak na usal ni Macy.*

*Kumibo ang lalaki. Saka lang naging malinaw sa kanya ang husky na boses nito na malayo sa mild na boses ni Vin. "Uhm... pinapunta ako ni Arvin dito para kunin 'yung ibibigay mo pa daw na regalo sa kanya. Hindi nga kasi niya maiwan 'yung—"*

*"Damn you!" malakas na sigaw niya na pumutol sa sinasabi nito. "Bakit hindi mo sinabi agad na hindi ka si Vin?"*

*"Sasabihin ko sana kaya lang pinuputol mo kapag nagsasalita ako," katuwiran nito.*

*"At kasalanan ko pa? Ang sabihin mo, sinamantala mo talaga ang pagkakataon," pag-aakusa ng dalaga.*

*"Sinamantala?"*

*"Oo! Dahil may gusto ka sa akin, alam ko 'yon. Walanghiya ka! Manyak!"*

*"Tekang lang, ha." Nagkamot ito ng ulo. "Di ba't ikaw ang naunang yumakap at humalik sa akin? Hindi kaya ikaw itong may gusto sa akin?"*

*"Oh, my God! Ginawa mo 'yon, friend?" muli ay bulalas ni Tricia.*

“Akala ko nga kasi si Vin siya. Madilim, eh.” Dinuro ni Macy ang lalaki. “Hoy! Ang kapal ng mukha mo para isipin na may gusto ako sa ’yo. Ano’ng akala mo sa sarili mo? Ka-level kita porque’t anak ka sa labas ni Lolo Mauro?”

Sumeryoso ang lalaki sa sinabi niyang iyon habang napatutop naman sa bibig si Tricia.

“W-what did you say? Anak siya... ni Lolo Mauro?” tanong nito. Ang Mauro na tinutukoy nila ay ang patriarch ng pamilya Andrade, ang lolo ni Vin.

“Oo. Kaya ang lakas ng loob niyang isipin na puwede akong magkagusto sa kanya. Eh, samantalang hindi nga siya maipakilala ni Lolo Mauro bilang parte ng pamilya. Anak ng dating kaibigan na tinutulungan lang ang pakilala sa kanya. Kunwari kinupkop siya para mapatira rito at para hindi halata, binigyan siya ng trabaho as personal messenger ni Lolo habang pinag-aaral pa.” Binalingan niya muli ang lalaki. “Ito namang mayabang na ’to, pumayag sa ganoong setup kasi gusto ring makatira sa mansion at umastang mayaman kaya ipinagsiksikan ang sarili dito.”

“Hindi totoo ’yan!” tiim-bagang na sabi ng lalaki.

“Wait, paano mo naman nalaman ’yan?” tanong muli ni Tricia.

“Si Vin mismo ang nagsabi sa akin noong sinaway niya ako sa pagtataray sa lalaking ’yan. Hindi daw ’yan

*messenger lang dahil anak daw siya ni Lolo Mauro, although hindi iyon alam ng ibang member ng family nila. Accidental lang daw ang pagkaka-discover niya roon.”*

*“Kung ganoon, he’s actually... Vin’s uncle kahit konti lang ang difference ng age nila?”*

*“Ganoon nga. Kaya malakas din ang loob nito na magyabang dahil ipinagtatanggol siya ni Vin. Pero ewan ko lang kung ano’ng mangyayari kapag si Lola Jean ang nakaalam na anak pala siya ni Lolo Mauro sa ibang babae.”*

*Halos hindi pa tapos ang sinasabing iyon ni Macy nang biglang bumaha ang liwanag sa kinaroroonan nila. Galing iyon sa mga ilaw sa parte ng balkonahe sa tapat nila. Nakatayo na roon ang mga taong nakarinig sa malakas na pagtataray niya kaya nagsilabas.*

*Ilang sandaling natahimik ang lahat bago mayamaya ay bumaba sa mga baitang ng balkonahe si Jean Andrade. “Puwede ko bang marinig ulit ang sinabi mo, hija?” anito kay Macy. “Anak ’ika mo nino itong si Tupe?” tukoy nito sa lalaking kaharap pa rin niya.*

*Mauro Andrade stepped forward. “Jean...”*

*“Ano?” Nilingon ng matandang babae ang asawa nito. “Anak mo nga ba itong batang pinatira mo rito na sabi mo’y anak ng dati mong kaibigang pinagkakautangan mo ng loob kaya gusto mong*



*tulongan hanggang makatapos ng pag-aaral?”*

*Hindi nakasagot ang matandang lalaki. Dahil naroon ang karamihan sa mga bisita nila ay sigurado na ang malaking eskandalo.*

*“Ikaw?” baling ni Jean sa tinawag nitong Tupe. “Sabihin mo, anak ka nga ba ng asawa ko?”*

*Nagtungo ito ng ulo nang hindi sumasagot. Sapat na iyon kay Jean para makumpirmang totoo nga ang mga narinig kay Macy.*

*“Walanghiya ka!” anito sa asawa. “Matagal mo na pala akong niloloko! Akala ko nagmamagandang-loob ka lang, ’yun pala... Ang kapal ng mukha mong patirahin sa pamamahay ko ang bastardo mo!” gigil na sabi nito. Kasunod niyon ay nanikip ang dibdib nito. Dinaluhan ito ng ibang panauhin at inakay papasok ng bahay habang nagkusa naman na ang iba na umalis na para hayaang makapag-usap ang pamilya in private.*

*Kumilos na rin si Tupe.*

*“Wait...” pigil dito ni Vin. Nang hindi ito huminto o lumingon man lang ay si Macy ang hinarap ng binatilyo. “Ano? Masaya ka na?”*

*Saka lang muling nakaimik ang dalagita. “Vin, kasi...”*

*“Hindi ka pala puwedeng pagkatiwalaan,” agaw nito. Binigyan siya nito ng matalim na tingin bago siya iniwan.*



Hindi masyadong kilala ni Macy ang dating personal messenger slash anak sa labas ni Mauro Andrade. Tanging pangalan lang nito na ‘Tupe’ ang alam niya, na pinagtawanan pa nga niyang minsan at sinabing pangalan pa lang ay tunog pangmahirap na. Noon siya sinaway ni Vin at sinabi kung sino talaga si Tupe. Pinapangako siya nitong hindi iyon ipagkakalat dahil hindi pa handa ang lolo nito na ipakilala sa madla ang anak sa iba.

Kaya gayun na lang ang galit sa kanya ni Vin nang mabulgar ang totoo. Kung hindi lang siguro magkaibigan at magkasosyo sa negosyo ang kanilang mga magulang ay baka hindi na siya kinausap pa nito. Naging matabang ang pakikitungo nito sa kanya. Taon din ang binilang bago niya nahuling muli ang loob nito na eventually ay humantong nga sa pag-aalok nito ng kasal sa kanya.

Sa pagkakatanda niya ay medyo kapayatan si Tupe. Ang lalaking nag-aayos ng kotse niya ngayon ay maganda ang built ng katawan. Malapad ang mga balikat, solid ang triceps at biceps, gayundin ang muscles sa dibdib na halata pa rin kahit may suot itong t-shirt.

*Eh, bakit ko ba naman kasi ikinukumpara ang isang iyon dito? naitanong niya sa sarili. Imposibleng siya ito.*

*Those eyes, those lips... maaaring kahawig siya nito pero imposibleng siya ito, sa loob-loob pa rin ni Macy na hindi namamalayang unti-unti pala niyang inilalapit ang sarili sa lalaki habang palihim na sinisilip ang mukha nito.*

Mula sa pagkaka-squat ay biglang tumayo ang estranghero. Nagulat ito nang muntik na silang magkauntugan ni Macy. Pati ang dalaga ay napaatras din. Pero mas ikinabigla niya nang sa harap niya ay naghubad ito ng kamiseta.

“Masyadong marurumihan,” sabi ng lalaki na sinulyapan siya, pagkatapos ay agad ding binalikan ang ginagawa.

Mas malinaw na ngayon sa paningin ng babae ang pigura ng katawan nito. Perfect ang bawat kanto niyon including the six-pack abs. Kahit sa mga kakilala niyang lalaki ay madalang siyang makakita ng may ganitong katawan. Kahit si Vin na may pagka-athletic ay hindi ganito ka-macho.

“Huwag mo ’kong masyadong pakatitigan, baka matunaw ako,” biglang sabi ng lalaki.

Napaunat siya, nagtaka dahil hindi naman na ito tumingin sa kanya. “Sino ba’ng... may sabing tinititigan kita?”

“Bakit, hindi ba?”

“Hindi, ’no!” asik niya, sabay irap.

“Bakit pakiramdam ko tinititigan mo ’ko?”

Nanlalaki ang mga matang napamaywang si Macy. Ang lakas naman ng confidence nito sa sarili para maisip ang ganoon.

*All right! Sa puntong ’yan parehas nga kayo ng bastardong messenger ni Lolo Mauro noon. Ang lakas ng bilib sa sarili. Gusto niyang i-voice out iyon, pero napigil siya ng pagtingala nito.*

“Don’t worry, sanay naman ako diyan,” anitong nakangiti. Doon niya napansin ang mapuputi at pantay-pantay nitong mga ngipin na animo ay sa commercial model ng toothpaste.

“S-sanay saan?”

“Na tinititigan ako ng mga babae.”

Napanganga si Macy bago naglayo ng tingin nang bumubulong. “Oh, my, I really can’t believe this!”

“There,” anito nang matapos sa ginagawa. Ipinasok nito ang flat na gulong sa trunk ng kotse saka kumuha ng basahan sa compartment ng motorbike nito at nagpunas ng kamay.

Dinukwang ni Macy ang kanyang bag sa loob ng kotse. Para wala siyang kailangang tanawing utang na loob sa mayabang na lalaki ay babayaran niya ang serbisyo nito. Nagbibilang siya ng bills sa kanyang wallet habang palapit dito, kaya hindi niya namalayan kung gaano na siya kalapit sa likuran nito. Pati ito ay

nagulat nang muli itong humarap dahil kung kanina ay muntik lang silang magkauntugan, ngayon ay tuluyan nang nagbangga ang kanilang mga katawan.

Kasabay ng maikling tili ay nabitiwan niya ang bag at wallet. At dahil tila pader ang nabangga ay nawalan siya ng balanse. Mabuti na lang at agad na nasaklit ng lalaki ang baywang niya.

Tila slow motion na eksena ang sumunod na nangyari. Ramdam ni Macy ang higpit ng kapit nito sa baywang niya. Ramdam din niya ang pagkakakapit ng kamay niya sa mga balikat nito. Pero higit sa lahat, ramdam niya ang mainit nitong hininga na dumadampi sa mukha niya.

Kasabay ng malakas na pagkabog ng dibdib ay napasinghap siya. Pawisan ang lalaki pero wala siyang nalalanghap na masamang amoy. In fact ay presko ang dating ng hininga nito at refreshing ang singaw ng katawan.

Gusto niyang umigtad palayo, pero napigil ang dalaga nang makitang nakatitig ito sa kanya. Expressive ang mga mata nito na parang may kung anong sinasabi. Maganda rin ang hubog ng ilong nito. At lalo naman ang mga labi. Hindi niya namalayan na naiawang niya nang kusa ang bibig nang makita niyang nakatitig ito roon.

Ano ba ang binabalak nito? Hahalikan siya? Sobra

naman yata itong mapagsamantala. Ni hindi nga sila magkakilala.

Lumunok si Macy. Hindi siya papayag na basta na lang halikan ng lalaking hindi niya kilala. Ipinilig niya ang ulo at ibinuka ang bibig para magprotesta. Pero kung bakit walang lumabas na boses mula sa kanya nang makitang inilalapit na nito ang mga labi sa bibig niya. Pinangalugan siya ng mga tuhod. Makulimlim ang panahon nang mga sandaling iyon, pero parang nagliliwanag ang paligid. Tila may kung anong nagkikislapan at parang inuutusan siya niyon na pumikit at ihanda ang mga labi para sa isang maalab na halik.

Nang biglang may sumigaw.

“Wow! Ang sweet naman!”

Galing iyon sa sakay ng dumaang pickup truck. Iyon ang nagbalik sa ulirat ni Macy. Mabilis siyang kumalas mula sa mga bisig na nakayapos sa kanya saka dali-daling dinampot ang nagkalat na laman ng kanyang bag.

“Here,” sabi niya nang makahawak ng pera.

Nanginginig pa ang kamay niya nang iabot iyon sa lalaking nagsusuot na ng t-shirt.

“What is that for?” tanong nito.

“Bayad sa... sa ginawa mo,” sagot ng babae.

Natawa ang kanyang kausap. Calm and composed

ito na animo ay walang nangyari.

“Dapat lang naman na bayaran kita, hindi ba?”  
aniya.

“Sayang naman.”

“Anong sayang?”

Ang jacket naman ang isinuot nito. “Kung... natuloy ’yung kiss, sapat na sanang kabayaran iyon. At nasuklian pa sana kita.”

*Aba’t...!* Napatiim-bagang si Macy pero dahil malakas pa rin ang kabog ng dibdib ay hindi siya makapagtaray.

“I-reserve mo na lang ’yang pera mo, pati na rin iyon,” anitong obvious na ang tinutukoy ay ang halik na muntik nang mamagitan sa kanila. Sumakay ito sa motorbike at pinaandar iyon. “Who knows, baka balang araw singilin kita sa serbisyong ginawa ko. Pagdating ng time na ’yon, mamimili ako kung alin ang kukunin kong kabayaran,” anito saka pinaharurot ang motor palayo.

Nakangangang sinundan ito ng tingin ni Macy. Nagtataka siya dahil kung magsalita ang lalaki ay parang iniisip nito na magkikita pa silang muli. Paano naman mangyayari iyon gayung ni hindi nga nito inalam ang pangalan niya o kinuha kaya ang phone number niya? Hindi rin tuloy niya ito nakilala.

*Gosh, Macy, ano ba? sita niya sa sarili bago*

napasapo sa dibdib. Ano ba ang problema nito, pati na rin ng mga tuhod at kalamnan niya at nag-react nang ganoon sa lalaking hindi naman niya kilala?



Kahit nagkaligaw-ligaw muna ay narating din ni Macy ang destinasyon. Mas buhay ngayon ang pag-asa niya na magkikita na silang muli ni Vin. Naniniwala siya na kapag nagkausap sila ay magkakaintindihan sila, magkakaayos, matutuloy ang kasal and they would live happily ever after. Sa kabila ng lahat ay iyon pa rin ang inaasam ni Macy, kaya ganoon siya kasigasig na hanapin ito.

“Excuse me,” bati niya sa nakasalubong na lalaki habang naglalakad papunta sa natatanaw na pantalan. “Ito na ba ang Sual Fishport?” tanong niya.

Tumango ito.

“Ah, may kilala ba kayo ritong... Troy Asturias?”

Lumingon ito sa isa pang lalaking nasa likuran.

“Tol, nagpunta si Boss sa Kapitolyo, di ba? Nakabalik na ba?”

“Oo, natanaw ko n’ung dumating,” sagot niyon.

“Puwede ko bang malaman kung saan ko siya makikita?” tanong muli niya.

“Doon ang opisina niya, malapit sa refrigeration building.”

“Salamat.” Tinalikuran agad niya ang mga lalaki.



Hindi kasi niya gusto ang paghagod ng tingin ng mga ito sa kanya. Lalayo na sana siya pero narinig niya ang mga sumunod na comments ng mga ito.

“Tol, ’ganda n’un, ah. Chick kaya ni Boss ’yon?”

“Malamang. Ikaw na ba naman ang maging *Christopher Troy Asturias*. Talagang makakakuha ka ng gan’un kagandang babae.”

Nagpanting ang tainga ni Macy, kaya hindi niya napigilan ang mag-react. “Excuse me,” aniya na nagpalingon sa mga ito. “For your information, hindi ang Troy Asturias na iyon ang sadya ko rito.”

“Di ba siya ang hinahanap mo?” tanong ng isa.

“Oo, pero dahil lang alam kong siya ang nakakaalam kung nasaan ’yung taong talagang hinahanap ko.”

“Ah! Ang akala ko si Boss na talaga ang sadya mo rito.”

“Pero ano’ng malay mo, p’re. Baka kapag nakita niya si Boss, eh, makalimutan niya ’yung taong hinahanap niya,” bawi ng isa pa.

“Kung sa bagay, posible nga ’yon.”

Lalo siyang nainis. Ano ba ang mayroon sa Troy Asturias na iyon para isipin ng mga ito na puwede niyang makalimutan si Vin kapag nakita niya iyon?

“Alam n’yo, I’m engaged to be married. I’m here for my fiancé, kaya gaano man kaguwapo o ka-charming

'yung boss n'yo, hindi mangyayari na makakalimutan ko 'yung fiancé ko dahil sa kanya," aniya na ipinakita pa ang engagement ring sa daliri.

"Sigurado ka, Miss?" tila diskumpiyadong tanong ng isa sa dalawang lalaki.

Nagtaas siya ng noo. "Of course!"

Nagtinginan ang mga ito saka sabay na nagkibit-balikat. Napansin ni Macy na parang lumagpas sa kanya ang tingin ng mga ito at kasunod niyon ay kapwa ngumisi.

Lumingon ang dalaga para tingnan kung sino ang nginitian ng mga ito. Gayun na lang ang gulat niya sa nakita niyang pigurang nakatayo sa kanyang likuran.



# Chapter Three

“Ikaw?” usal ni Macy.

Naghalukipkip ang lalaking naroon bago sumagot, “As I have expected. We meet again.”

Kasabay ng mga tanong na sunud-sunod na pumapasok sa isip niya habang nakatayo kaharap ang lalaki ay ang pagbuo rin ng isip niya ng mga conclusion.

Bago lumayo ang mga napagtanungan niya ay tinawag ng mga ito ng ‘Boss’ ang lalaking naiwan. Ang ibig sabihin ay ito si Troy Asturias. Kung ganoon, ang ‘distant relative’ na pinuntahan ni Vin at ang nagpalit ng gulong ng kotse niya kanina ay iisa.

Hindi siya makapaniwala. Pero bukod sa lahat ng iyon, ang higit na nagpapagulo sa isip niya ay iyong

kanina pa niya napansin na pagkakahawig nito sa dating messenger ni Mauro Andrade. Kani-kanina lang din ay naulinigan niyang sinabi ng mga lalaki na Christopher Troy Asturias ang buong pangalan ng boss ng mga ito. *Hindi kaya...?*

Kailangan niyang makasiguro. “W-what are you doing here?” tanong niya.

“Wala naman.” Luminga ito. “It just so happened na... I’m renting some facilities in this fishport and at the same time, nagmamay-ari rin ako ng ilang fishing vessel na dumadaong dito.”

“Kung ganoon... ikaw si...”

“Troy Asturias. Christopher Troy Asturias. But you can also call me... ‘Tupe’. That’s how they call me when I was young,” pagkukumpirma nito sa naiisip niya.

Napalunok ang dalaga.

“Hindi ako nagtataka kung hindi mo ’ko nakilala kanina,” sabi nito. “It’s either malaki ang ipinagbago ko o nakalimutan mo na ang nangyari sa atin in the past.”

Napahugot siya ng pigil na paghinga. “A-anong nangyari in the past? Wala namang nangyari sa atin in the past, ah.”

“Wala?” Humakbang ito palapit sa kanya.

“Sigurado kang wala?”

Umatras si Macy. Hindi niya tiyak kung ang tinutukoy nitong nangyari in the past ay ang pag-agaw

nito sa first kiss niyang nakalaan dapat kay Vin o ang ibinunga ng pagkakabulgar ng totoo nitong pagkatao dahil sa kanya.



*“Tupe, sandali! Uncle!” Tumatakbo noon si Vin palabas ng bakuran ng mansion ng mga Andrade. Nakita iyon ni Macy na paparating naman. Isang araw iyon matapos ang nangyari sa birthday party nito.*

*Huminto ang naglalakad na si Tupe nang makita siyang bumaba sa pumaradang kotse. Sa likuran nito ay napamenor din sa paghabol si Vin.*

*“Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong sa kanya ng huli.*

*“Vin, kasi... parang galit ka sa akin kagabi, eh,” sagot ni Macy.*

*“Alangan namang matuwa pa ako sa eksenang ginawa mo.”*

*“But it’s not my fault. Siya ’yung may kasalanan, sinamantala niya ’yung...” Nag-alangan siyang ituloy ang pag-akusa kay Tupe. Paano niya sasabihin kay Vin na nakipaghalikan siya sa itinuturing ng lahat na utusan lang ng lolo nito?*

*“Kaya ibinulgar mo ’yung sinabi ko sa ’yo? Tingnan mo kung ano’ng naging resulta ng ginawa mo!” Galit na itinuro ni Vin ang maletang bitbit ng tiyuhin.*

*Nahulaan na niya na mangyayari iyon. Palalayasin*

ni Jean Andrade ang anak ng asawa nito sa ibang babae at walang magagawa si Mauro. Medyo nakonsyensya rin siya, pero pinili niyang huwag iyong ipakita. Inisip pa nga niyang tama lang na kabayaran iyon sa ginawa nitong pagsasamantala sa kanya.

“Alam mo ba kung bakit siya nandito?” tanong pa ng kababata niya. “Para makasama kahit papaano ang tatay niya, si Lolo. At para na rin makapag-aral. Pero sinira mo’ng lahat!”

“Hayaan mo na, Arvin,” sapat ng paalis na lalaki. “Hindi rin naman maiintindihan ng kagaya niya ang sitwasyon ko kahit ano pa’ng sabihin mo.”

Napatiim-bagang si Macy. Gusto ba nitong palabasin na mahina ang pang-intindi niya? Ang lakas ng loob nitong magsalita ng laban sa kanya sa harap pa man din ni Vin.

“Siguro nakatakda talaga itong mangyari. Sooner or later, lalabas din ang totoo,” dagdag nito.

“Iyon naman pala, eh. So, it’s not my fault talaga,” irap niya.

Napailing na lang si Vin. Nang ituloy ni Tupe ang paglalakad ay muli itong sumunod. “Ihahatid na kita kung saan ka papunta.”

“Huwag na. Kaya ko naman ang sarili ko. Ingat ka na lang palagi. At saka... huwag mong pabaya si... ang lolo mo. Pakisabi na hindi ako galit sa kanya kahit

*hindi niya ako nagawang ipagtanggol.”*

*Sumama nang husto ang hitsura ni Vin habang sinusundan ng tingin ang papalayong tiyuhin na itinuring na ring kaibigan. Pagkatapos niyon, matalim na tingin ang ibinato nito kay Macy.*



“Kung ikaw nga si... Tupe... dapat alam mo kung sino ang fiancé ko,” sabi ni Macy habang umaatras bilang pag-iwas sa lumalapit na lalaki.

“Of course.” Huminto ito. “Kaya nga kanina pa lang nahulaan ko nang dito ka papunta.”

“Nahulaan mo? Meaning, alam mo rin ang dahilan kung bakit ako pupunta dito.”

Nagkibit ito ng balikat.

“Tama ’yung info na nakarating sa akin na dito siya nagpunta, hindi ba?”

“Oo, tama nga ’yon,” anitong naghalukipkip. “Dito siya nagpunta n’ung *hindi niya sinipot* ang kasal n’yo.”

Na-offend ang dalaga sa paglalagay nito ng emphasis sa salitang ‘hindi sinipot’ pero hindi na niya iyon inintindi.

“Kaya lang, as of now, wala siya rito,” deklarasyon ng kausap.

“What do you mean wala siya rito... as of now?”

Muli itong luminga. “As you can see, wala siya sa paligid.”

“Then, where is he? Where’s Vin?”

“He’s a grown man. Puwede siyang pumunta saanman niya gustuhin without asking my permission. So, paano ko malalaman kung nasaan siya ngayon?”

“Pero... babalik siya rito, right? Kailan siya babalik?”

Umakmang nag-iisip si Troy. “Maybe next week. Next month. Who knows? Bigla-bigla na lang siyang sumusulpot dito.”

Bumagsak ang mga balikat ng dalaga. Halatang pinapaligoy-ligoy siya ng lalaki, kaya naisip niya na mukhang wala siyang mapapala rito. Sabihin man na wala nga si Vin doon nang oras na iyon ay siguradong alam nito kung nasaan ang hinahanap niya. Pero tila balak pa nitong itago iyon sa kanya. Hindi man lang ba nito naisip na napakalayo ng binyahe niya makarating lang sa lugar na iyon?

Tiningnan niya itong muli. Baka puwede itong pakiusapan. Huli na nang mapansin niya na nakailang hakbang na pala ulit ito palapit sa kanya.

“Maiba ako,” sabi nito. “Alam mo bang medyo masakit sa ego ’yung sinabi mo kanina na gaano man ako kaguwapo at ka-charming, hindi mangyayari na makakalimutan mo ang fiancè mo dahil sa akin?”

Umatras muli si Macy.

“Nakaka-challenge ’yun, ha. Ano kaya kung... i-try



natin ngayon kung kaya mo ba iyong pangatawanan,” patuloy nito.

“Huwag ka ngang lumapit sa akin,” asik niya.

“Bakit naman?”

“Basta—” Naputol ang protesta ng dalaga nang bumangga ang likuran niya sa mesang yari sa kawayan. Automatic na naitanong niya sa sarili kung bakit mayroong ganoon doon. Para na rin tuloy siyang na-corner ng lalaki.

“Kung ngayon na rin kaya kita singilin ng service fee sa ginawa ko kanina?” patuloy nito. Itinukod nito ang kamay sa edge ng mesa sa tabi ng balakang niya.

“H-hindi ba binabayaran naman kita kanina? Get away from me para makakuha ako ng pera...”

“Ang s’abi ko kanina mamimili ako kung ano’ng kukunin kong kabayaran, di ba?” Dahil wala nang aatrasan, lalo pang nailapit ni Troy ang sarili sa babae. “I think I have made my choice,” sabi pa nito. Sa pagkakataong iyon ay napakalapit na ng mukha nito sa mukha niya at nakatutok ang mga mata nito sa kanyang mga labi.

Umahon ang kaba sa dibdib ng dalaga. Nakaramdam na naman siya ng panlalambot, pero this time ay pilit niya iyong pinaglabanan. Itinulak niya ito saka sinubukang tumakbo. Hindi niya namalayan na sa itaas ng poste ng mesa ay may

nakasampay na lambat. Sumalakab iyon sa kanya. Kasabay niyon, nagiba ang kinasasampayan niyong kawayan at tumama iyon sa likod ni Troy, dahilan para mapasubsob ito sa kanya. Kapwa sila itinumba niyon sa lupa.

Kahit medyo nasaktan ay sinikap ni Macy na tumayo agad. Nang subukan ulit niyang lumayo ay nasalabid naman ang paa niya sa lambat kaya muli siyang napadapa, this time ay sa dibdib ng lalaki.

“Ouch! Masakit ’yun, ha!” reklamo nito.

Naramdaman niya ang paghapit ng kamay ni Troy sa baywang niya. Nang una ay inakala niyang impulse lang iyon ng katawan nito, pero nang makita niyang nakangisi ito ay nasiguro niyang sinadya nito iyon. Mabilis siyang muling tumayo pero napulupot na pala sa kanila ang lambat, kaya napasalampak na naman siya sa harapan ng lalaki. Sa pagkakataon na iyon ay sa lower part ng katawan nito. Muntik pa ngang sumubsob ang mukha niya sa bandang puson ng binata.

Halos ilang sentimetro lang ang distansya ng mukha niya sa ibaba ng belt ni Troy. At hindi siya ganoon kainosente para hindi malaman kung anong bahagi iyon ng katawan ng lalaki. Para siyang binusalan sa bibig. Nanuyo ang kanyang lalamunan dahilan para mapalunok si Macy.

“Pambihira. Maliwanag pa, huwag naman dito,” narinig niyang sabi nito. Doon siya parang natauhan. Malakas siyang napatili saka minsan pa ay sinubukang tumayo. Sinabayan siya nito saka sinaway. “Ano ba, huwag ka ngang magulo. Lalong napupulupot itong net sa atin.”

Pero lalo lang siyang nagpumiglas. Dahil sa kakagalaw niya at kakaawat naman ni Troy ay napagawi sila sa tagilid na bahagi ng lupa. Na-outbalance na naman sila roon at muling natumba. At dahil nga tagilid ang kinabagsakan ay gumulong sila roon ng kung ilang baliktad din.

Doon na talagang nasaktan si Macy. Parang napiit ang paghinga niya at biglang sumikip ang kanyang dibdib. Nang mahimasman ay namilog ang mga mata niya nang makita na kaya pala mabigat ang pakiramdam niya ay dahil nakadagan sa ibabaw niya si Troy. At ang mukha nito ay nakasubsob sa bandang neckline ng blouse niya. Doon mismo sa nakalabas na bahagi ng kanyang cleavage.

Gusto niyang pumalag at magtatarang na naman, pero hindi niya nagawa dahil na rin sa nararamdamang sakit ng katawan. Napigil din siya ng dahan-dahang pagtaas ng mukha nito. Kahit idinistansya na ang sarili, ilang sandali pa ring nanatili ang paningin ng lalaki sa kinasubsuban.

Ang sakit ng katawan na naramdaman ni Macy ay parang unti-unting napalitan ng pagka-conscious lalo na nang dahan-dahang gumawi ang tingin ni Troy sa mukha niya. This time ay hindi ito nakangisi.

“Hindi ka pa rin nagbabago,” sabi ng lalaki. “Wala ka pa ring kasing-ganda.”

Natigilan siya. Noong medyo mga bata pa sila ay ilang ulit din niyang napansin na tinitingnan siya nito kapag nagpupunta siya sa mansion ng mga Andrade. Kaya nga inisip niyang may gusto ito sa kanya nang samantalain nito ang halik na ireregalo sana niya kay Vin. Pero hindi niya akalain na walang kasing-ganda pala ang tingin ng lalaki sa kanya.

Lumipat ang tingin ni Troy sa kanyang mga labi. That instant ay alam na ni Macy ang tumatakbo sa isip nito. Naramdaman niyang kumilos ang kamay nitong nakatukod sa lupa pagawi sa kanyang mukha. Humaplos ang likod ng ilang daliri nito sa kanyang pisngi at hindi niya alam kung bakit napapikit siya dahil doon. Ang iniisip niya, ilang sandali lang ay maglalapat ang mga labi nila. Hahalikan siya nito at inihanda niya ang sarili.

“O, ano’ng nangyari sa inyo?”

Ilang saglit na pumikit ang lalaki nang marinig iyon. Nang muli itong dumilat ay iba na ang nakita ni Macy sa mga mata nito.

“Ka Roman,” anitong hinawakan ang batok.

“Pakitulungan nga ho kaming kalasin itong lambat.”



May kalahating oras nang nakakalayo si Macy sa fishport, pero hindi pa rin humuhupa ang malakas na kabog sa dibdib niya. Hindi rin siya tumitigil sa pagsisi sa sarili dahil hinayaan niyang mapunta siya sa nakakahiyang kalagayan kasama ang lalaking iyon.

“Buwisit talaga! Buwisit! Buwisit!” gigil na asik niya habang inihahampas ang mga kamay sa steering wheel ng kanyang kotse. Kahit sinabi pa ni Troy na wala pa rin siyang kasing-ganda, hindi sapat iyon para mabawasan ang inis na nararamdaman niya para rito. “Kung para sa kanya ay hindi pa rin ako nagbabago, puwes, ganoon din siya. Mula noon hanggang ngayon manyak pa rin siya!”

Itinukod niya ang noo sa manibela saka humugot ng ilang malalalim na paghinga. Hindi siya puwedeng magpaapekto nang ganoon sa Troy Asturias o Tupe na iyon.

Mayamaya ay isinandal ni Macy ang likod sa backrest ng kinauupuan. Nagtatakip-silim na at ilang minuto na lang ay tuluyan nang lalatag ang dilim. Mukhang lilipas ang maghapon nang hindi niya nakikita si Vin. Hindi pa naman siya puwedeng umuwi ng Manila at bumalik ulit doon kinabukasan.

Magiging sobrang stressful iyon para sa kanya. Isa pa, tiyak na hindi na siya hahayaan ni Kath na makaalis ulit.

Sa huli ay nagpasya siya na hindi siya babalik ng Manila. Kung kailangang magpalipas siya ng gabi sa loob ng kanyang kotse ay gagawin niya.

Saglit niyang ipinikit ang mga mata. Ngayon siya nakaramdam ng pagod. Nadagdagan pa iyon ng gutom nang matanaw niya sa di-kalayuan ang isang burger stand. Umibis siya ng kotse. Iniisip na niya kung ano ang o-order-in niya nang may mapansin siyang signage sa gawing itaas ng burger stand.

*Angelica Apartelle.*

